# Paggagalugad sa Lacanistang Sikoanalisis: Iba, Batas at Sarap sa mga Maikling Kuwento ni Deogracias Rosario

U Z. Eliserio

## Introdukisyon

Bukod sa mga teksto ng sikoanalisis at pilosopiya, lagi't laging nakikipagdiyalogo si Jacques Lacan sa panitikan. Sa kaniyang *Ecrits*, halimbawa, matatagpuan ang kaniyang meditasyon hinggil kay Edgar Allan Poe at sa Marquis de Sade (Lacan 2006, 6-48, 645-648). Sa kaniyang ikatlong seminar, mayroon siyang pagpapaliwanag sa dulang *Athaliah* ni Jean Racine (1993, 262-266). Sa kaniyang ikapitong seminar naman, *Antigone* ni Sophocles ang kaniyang tinalakay (1992, 243-287).

Ang Lacanistang sikoanalisis ay makapangyarihang lapit, produktibo hindi lamang sa pagsusuri ng neuroris kundi sa interpretasyon ng kultura. Ang papel na ito ay eksaminasyon ng kulturang Filipino sa pamamagitan ng pagbabasa ng ilang piling maikling kuwento ni Deogracias Rosario. Hindi lamang ito simplistikong paglalapat ng mga ideang Lacanista sa mga likha ni Rosario, kundi pagpapakita kung paanong maaaring ilarawan si Rosario bilang *precursor*, at ang kaniyang maiikling kuwento bilang *pre-writing* ng mga konsepto ng sikoanalsis, lalo na sa pagbibigay-diin ng mga diskursong ito sa kapangyarihan ng *signifier*.

Bukod dito, ipapakita rin ng papel na ito, sa pamamagitan ng komparatibong analisis ng mga kuwento ni Rosario at ni Vicente Sotto, kung paano gamitin ang Lacanistang sikoanalisis sa pagsusuri ng proseso ng patriyarkiya sa Filipinas, may empasis sa papel ng pamilya. Bagaman ang dalawang manunulat ay maipagmamalaking nangunguna sa modernismo pagdating sa panitikang Filipino, ang kanilang pagtingin sa kasarian at seksuwalidad ay ilalantad bilang reaksiyonaryo. Ito ay makikita hindi lamang sa kanilang mga paksa at tema, kundi sa mismong estilo at anyo ng kanilang maiikling kuwento.

Ganito ang magiging daloy ng aking papel. Una'y tatalakayin ko ang konseptong Lacanista na Simboliko, at ang relasyon nito sa Iba at sa Tunay. Ang interseksiyon ng